

openexo

# Gabay sa Eksponensyal na Pagbabago

Gabay sa Paggamit ng  Mga Katangiang Pang-Eksponensyal (Exponential Attributes) upang upang bumuo ng isang organisasyong uunlad sa ika-21 siglo.

Isinalin ni Jennifer B. Nuya

# Nabubuhay tayo sa walang katulad na panahon

Maaari nating sabihin na ito ang posibleng pinakamainam na panahon para mabuhay. Dahil sa pagsulong ng teknolohiya, nabibigyang- kakayahan ang mga tao na magsagawa ng mga bagay na mukhang imposible ilang taon pa lang ang nakararaan. Nagsasaliksik sa kalawakan ang mga pribadong kumpanya habang ang mga karaniwang tao ay konektado sa pamamagitan ng video sa buong mundo anumang oras nilang ibigin. Idagdag pa rito ang pag-disrupt ng maliliit na kumpanya sa mga malalaking organisasyon. Umiiral ang lahat ng ito dahil sa eksponensyal na pagbabago.




1956
5MB




2000
8MB

2005
128MB

2014
128GB

2016
256GB

2018
512GB

2020
1TB



Gamit ang imbakan ng datos (data storage) bilang halimbawa, ipinakikita ng larawan sa itaas kung paano nagbago ang laki ng imbakan ng datos sa paglipas ng panahon. Ang kapasidad ng isang 1TB micro-SD card na kasinglaki ng iyong daliri ay 2000 beses na katumbas ng isang hard drive noong 1956. Nagkakahalaga ng $35,000 kada taon ang isang 5MB IBM 305 RAMAC noong 1956. $7,000 ang halaga ng bawat MB. Ngayon, $0.0000194 ang presyo ng bawat megabyte (2021)..

## Mas mura nang higit sa 360 milyong beses!

Isang bilang na hindi lubos maunawaan ng ating linear brains kaya hindi natin makamit ang eksponensyal o mapansin ang disruption hanggang sa ito ay mangyari.

Nagaganap ang pagbabagong Eksponensyal sa iba't ibang industriya o merkado (verticals). Tinalakay ni Salim Ismail ang hindi bababa sa 25 Gutenberg moments na nagpapabago sa kilos ng mundo. Mahalaga na bilang isang organisasyon may kakayahan kang maipatupad ang mga ito.

# Nakakaranas tayo ng 25+ Gutenberg moments

Hindi sapat ang bilis ng pagtanggap ng lipunan sa teknolohiya.

1. Teknolohiyang Isinusuot
2. Magkasanib na Realidad
3. Digital na Kawangis
4. Bionics
5. Nanoteknolohiya
6. Cultured na Protina
7. Solar
8. Anti Aging
9. Social Media
10. Sensors
11. Pribadong [Pagsasaliksik] ng Kalawakan
12. Digital na Pamamahala
13. Pagtutuos sa Cloud
14. CRISPR
15. Pagsasalansan ng Gene
16. AI/ML/DL
17. Imbakan ng Enerhiya
18. Neural Imaging
19. Autonomous Cars
20. Blockchain
21. Robotics
22. Drones
23. 3D na Paglilimbag
24. Microbiome
25. Bitcoin
26. Quantum na Pagtutuos

Maituturing naming Dekada ng ExO [ang dekadang ito] dahil nasaksihan namin kung paanong naitatayong mga organisasyong nagtutulak ng ExO ang mga malikhain at matatag na mga organisasyon. Ipinapakita ng aming pag-aaral sa Fortune 100 Exponential Quotient (ExQ) kung paanong dinadaig ng mga kumpanyang may mataas na ExQ iskor, o nagsusulong ng mga Katangiang ExO ang mga kumpanyang may mababang puntos.

## Nahihigitan ng sampung nangungunang ExOs ang kanilang mga kasabayan sa ibaba sa pagkakaroon ng

3X Mas mataas na paglago ng kita

10.9X Mas mahusay na paggamit sa mga pag- aari

6.4X Higit pang kita

40X mataas na kabuuang pakinabang ng mga shareholders

# Nasa balita at pinagu- usapan  ng mga miyembro sa lupon (board) at mga ehekutibo sa C-suite sa iba't ibang panig ng mundo ang Digital na Pagbabago (Digital Transformation).

Tinatalakay ito ng mga pamahalaan, at ang terminolohiyang 4th Industrial Revolution o "ikaapat na rebolusyong pang-industriya" ay maririnig sa lahat ng dako. May mga lathalaing nagsasaad na bigo ang mahigit 70% ng mga digital conversion. Bilang lider sa isang kumpanya, nakakalito ang pagpili ng pinakamahusay na paraan upang sumulong.

Ang pagsisimula sa digitization ay maling hakbang. Maraming kumpanya ang nagdi- digitize ng mga linear na proceso at bigong matamo ang mga nais nilang resulta.  Kailangan munang tiyakin na ang iyong organisasyon ay may eksponensyal na pagi- isip para masiguro ang tuluy- tuloy na  pagpapatupad ng teknolohiya at pagkakamit ng Eksponensyal na Pagbabago.



# Isang payak na paglalarawan

Sa kasalukuyan, gumagamit ng manwal na aklat ang isang organisasyon upang um-order ng consumables. Umuubos ng mahalagang oras at may mga karagdagang gastos sa mga aklat ang pamamaraang ito. Samakatuwid, gusto ng alisin ng organisasyon ang paggamit ng manwal na aklat.

Isang paraan ng digital na pagbabago ang pag-alis ng manwal na proseso at paglikha ng isang digital na bersyon nito; maaaring gumugol ng parehong oras o o mas mahabang oras ang pangkat sa paga- aral ng bagong sistema. Maaari ring 10% na mas mabisa at mapagpasyahan ng pangkat na hindi ituloy ito. Gusto nilang maging 10X na mas mahusay, hindi 10% na mas mahusay.

## Ilan sa mga organisasyong gumagamit ng istratehiyang ito

accenture, ACCIÓ, ALEC, TD Ameritrade, ANANDA DEVELOPMENT

BHP, Bitdefender, Boston Scientific, COTEMINAS

Dusit Thani, Fraport, Generalitat de Catalunya, hp, iKé Asistencia

INTER, MIAMI-DADE COUNTY, MOBLY, Omnivida, P&G

Rassini, RioTinto, Santos, Sareb, Sasin

SIEMENS energy, Stanley Black & Decker, TRIDENT GROUP, VELOCIA, VISA

# Bakit kailangan ng Eksponensyal na Pagbabago sa halip na Linear Digital Transformation?

Para sa Pagbabagong Eksponensyal, gagamit ka ng datos mula sa lahat ng nakaraang order ng mga consumable para gumawa ng sistema na nag-o-order ng mga consumable sa sarili nya batay sa dating datos. Ang bahagyang pagbabago sa algorithm sa paglipas ng panahon ay magbibigay-daan sa iyong grupo na magtuon ng atensyon sa mas mahahalagang mga gawain, at ang sistema ay malamang na maging 10X na mas mabuti.


## Eksponensyal na Pagbabago




### Wala sa naturalesa [ng mga tao o kumpanya] ang pagkakaroon ng eksponensyal na pag-iisip.

Kailangang sumailalim sa pagbabago ng kaisipan ang iyong organisasyon upang magamit ang mga Eksponensyal [na Katangian].

Lumikha kami ng ilang inisyatibo na maaaring tumulong sa iyong kumpanya sa pagsasakatuparan nito. Ang 10-linggong Exponential Transformation Sprint ang unang hakbangin. Ang paraang ito ay nagbibigay-kakayahan sa isang organisasyon na sumulong ng tatlong taon sa loob ng sampung linggo. Mag-click sa imahe sa ibaba para sa isang mas malalim na paliwanag ng Sprint.




Mahalaga ang pang- unawa sa at paggamit ng mga katangian ng EXO sa loob ng iyong organisasyon upang makaagap sa mga pagbabago at manatiling makabuluhan sa dekadang ito.

openexo

# Pahayag ng mga Kliyente hinggil sa Gabay sa Eksponensyal na Pagbabago

"Lubhang kapaki-pakinabang ang ExO. Dahil dito, ginawa kong required reading ng mga miyembrong senior management team namin ang aklat na ito at ipinapatupad namin ang marami sa mga prinsipyo nito."

Paul Polman
Former CEO, Unilever

"Isang pangunahing halimbawa ang inisyatibong ito kung paano kapaki-pakinabang ang public-private partnership sa komunidad."

Carlos A. Gimenez
Mayor of Miami-Dade County

"Dapat na i- require ang Exponential Organizations para sa sinumang interesadong malaman kung paano makatutulong ang mga eksponensyal na teknolohiya sa pagpapanibago ng best practices sa negosyo."

Ray Kurzweil
Director of Engineering, Google

"90% ng hamon ay ang paghimok sa buong kumpanya tungo sa pagbabago. Madaling makuha ang suporta ng mga namumuno sa organisasyon ngunit ang frozen middle ang problema. Ang ExO Sprint ang lunas sa pag-unfreeze nito."

Tony Saldanha
VP Global Business Services, P&G

"Gagawin kong Exponential Organization ang Gucci."

Marco Bizzarri
CEO, Gucci

"Gagawin naming Exponential Thailand ang Thailand."

Prayut Chan-o-cha,
Thailand Prime Minister

## Pagkatapos ng ilang taon ng pagsasaliksik sa daan-daang organisasyon, nilikha ang Exponential Organizations (ExO) Model.

Madaling alalahanin ang modelong ito gamit ang simpleng equation: ExO = MTP + SCALE + IDEAS. Binubuo ng tatlong bahagi; Massive Transformative Purpose, 5 Katangian upang makinabang sa kasaganaan sa labas ng iyong organisasyon at 5 Katangian na nagpapahintulot sa iyong gamitin ang kasaganaang iyon sa loob [ng iyong organisasyon].




Ang pangunahing katangian ng isang exponential organization ay Massive Transformative Purpose o MTP. Importante na matayog at malawak ang layunin ng organisasyon at ang lahat ng mga proseso ay nakatuon sa pagkakamit nito. Hindi sapat na ito ay parang slogan na nakadikit lamang sa dingding ng opisina.

**Ito ang dapat isabuhay ng organisasyon.**

### Ilang Mga Halimbawa ng MTP

SpaceX: “Humans must become a multi-planetary species”
TED: “Ideas worth spreading.”
XPrize Foundation: “Bring about radical breakthroughs for the benefit of humanity.”
Google: “Organize the world’s information.”

Pagkatapos mong buuin ang iyong MTP, ang pag-unawa sa panloob at at panlabas na mga Katangian na nagpapalawak ng isang organisasyon ang susunod na hakbang. Interfaces, Dashboards, Experimentation, Autonomy, at Social ang mga panloob na katangian. IDEAS ang acronym. Staff on demand, Community and Crowd, Algorithms, Leveraged Assets, at Engagement ang mga panlabas na katangian. SCALE ang acronym na gamit.

# IDEAS - Mga Panloob na Katangian ng ExO's

| Katangian | Ano ito? | Mga Bentahe | Mga Kinakailangan |
|---|---|---|---|
| Interfaces Programang Pang-ugnay | Pag- ugnayin ang mga panlabas na gawain at panloob na mga balangkas ng kontrol, hal. platform, user interface, API's' | • Hanguin ang panloob na pagpapahalaga (internal value) mula sa panlabas na kasaganaan (external abundance)<br>• Inuugnay ang mga maparaang oportunidad sa paglago (growth drivers) sa mga bilang na nagpapakita ng pagtaas at pagbaba ng sukat (internal stabilizing factors)<br>• Ang paggamit ng malalaking gamit na awtomatik (automation) ay nagbibigay daan sa proseso ng pagkalkula (scalability) | • Mga pamantayan sa pagproseso<br>• Nasusukat na resulta (scalable externalities)<br>• Mga alituntunin sa paglutas ng mga problemang pang-operasyon (Algorithms) |
| Dashboards Pambungad na elektronikong displey | Mga paraan (metrics) sa pagsukat na madaling nababasa o nakikilala (meaningful) at sa aktwal na oras ng paggawa nito (real time) | • Nasusubaybayan ang mga maparaang oportunidad sa paglago (growth drivers) sa aktwal na oras ng paggawa (real time)<br>• (OKR-Objective-Key-Results) Layunin - tungo sa - Inaasam na Resulta bilang balangkas sa pamamahala<br>• Binabawasan ang mga pagkakamali sa pamamagitan ng pagbibigay ng maiikling pagtuturo (feedback loops) | • Nasa aktwal na oras ng paggawa (real time) ang<br>• mga paraan (metrics) sa pagsukat<br>• Mapanuring kakayahan (OKR)<br>• May pagtanggap ng mga empleyado na may iba't ibang kultura (Cultural Acceptance) |
| Experimentation Pag-eeksperi-mento | Paggamit ng pamamarang Lean startup upang subukin ang mga pagpapalagay o haka- haka at tuluy-tuloy na page- eksperimento sa ligtas na paraan | • Pinapanatiling nakaayon ang mga proseso sa mabilis na pagbabago ng mga nasusukat na resulta (externalities)<br>• Sinusulit ang proseso ng pagpapanatili ng ilang porsyento sa halaga ng bawat transaksyon (value capture)<br>• Pinabibilis ang pagbenta ng produkto sa merkado (Minimal Viable Product)<br>• Nagbibigay ng mas mahusay at mabilis na pag-aaral ang pakikipagsapalaran | • Pagsukat at pagsubaybay ng mga eksperimento<br>• May pagtanggap ng mga empleyado na may iba't ibang kultura (Cultural Acceptance) |
| Autonomy Pagsasarili | Mga bagong "empowered" o awtorisadong istrukturang pinamamahalaan ng bawat pangkat para sa ikabubuti ng lahat (team based organizational forms) | • Dagdag na liksi<br>• Higit na pananagutan sa kustomer<br>• Mas mabilis na reaksyon at pagkatuto<br>• Mas positibong pananaw | • MTP<br>• Mga empleyadong may kakayahang gumawa ng sariling layon sa buhay, pagbutihin ang sarili, at maghanap ng solusyon sa kaniyang mga problema (Self-starting Employees)<br>• Pambungad na elektronikong displey (Dashboards) |
| Social Technology Teknolohiyang Panlipunan | Bumuo ng paraan kung saan magkakaroon ng daloy ng komunikasyon (horizontal interactions) sa napakalaking bilang ng mga tauhan mula sa may pinakamataas na posisyon hanggang sa mga humaharap sa publiko (vertical organized businesses) | • Mas mabilis na pakikipag-usap<br>• Mas mabilis na pagde- desisyon<br>• Mas mabilis na pagkatuto<br>• Pagpapatatag ng pangkat | • MTP<br>• Paggamit ng mga aplikasyon at serbisyong panlipunan sa Cloud<br>• Isang organisasyong pag-aari at pinatatakbo ng mga empleyadong may iba't ibang kultura (Cooperative Culture) |

# SCALE - Ang Panlabas na Katangian ng ExO's

| Katangian | Ano ito? | Mga Bentahe | Mga Kinakailangan |
|---|---|---|---|
| Staff on Demand EmpleyadongPans-amantalangKailan-gan sa Trabaho | Mas maraming part timenaempleyado,mga dalubhasa na tutugon ayon sa ibibigay na misyon | • Pinakamahusay na kasanayan para sa trabaho<br>• Dagdag na trabaho at bagong oportunidad (agility)<br>• Pag-aaralngpangunahingopinakasentrong pangkat na sumusuporta sa istruktura ng organisasyon (core team)<br>• Mas matatag na ugnayan ng pangunahing pangkat | • Kakayahang kumuha ng mga serbisyo base sa pangangailangan<br>• Malinaw na mga detalye ng gawain |
| Community & Crowd Komunidad at Madla | Gamitin ang kapangyarihan ng komunidad at madla sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanila sa anumang paraan | • Payabungin ang katapatan<br>Hikayatin ang eksponensyal na paglago<br>• Pagtibayinangmgabagongideyaatmatuto<br>• Liksi at bilis sa pagpapatupad<br>• Lumikha ng mga bagong ideya | • MTP<br>• Pakikipag- ugnayan<br>• Pamumunong totoo<br>• Madaling pakikilahok ng mga tagalabas<br>• Direktangtransaksyonngmga tao at pakikipagtulungan sa isa't isa (peer to peer) |
| Algorithms Alituntunin sa Paglutas ng mga ProblemangPango-perasyon | Gumamit ng mga datos at i-automate ang mga desisyon o bawasan ang mga bias ng tao habang gumagawa ng mga desisyon. | • Scalability ng mga produkto at serbisyo<br>• Gamitin ang mga konektadong gamit o sensors<br>• Mas mababang antas ng pagkakamali<br>• Madaling i- update | • Machine o deep learning<br>• Pagtanggap sa kultura |
| Leveraged Assets Pagkakaroon ng Bagong Pag-aari Bilang Panimula o Pagpapalawak ng Negosyo | Gumamit ng mga pag-aari, huwag angkinin ang mga ito maliban sa kung ang mga ito ay kakaunti na lamang | • Proseso ng pagkalkula (scalability) ng mga produkto at serbisyo<br>• Pinabababaangmgakaragdaganggastossa produkto (marginal cost supply)<br>• Tinatanggal ang pangangailangang pamahalaan ang mga ari- arian<br>• Dagdag na trabaho at bagong oportunidad (agility) | • Madaling magagamit na mga pag- aari<br>• Programang Pang-ugnay (Interfaces) |
| Engagement Pagsali o Partisi-pasyon | Isali ang komunidad at ang madla | • Dinadagdagan ang katapatan<br>• Nagtitipon ng mga ideya<br>• Gawing komunidad ang karamihan ng mga tao't mamimili<br>• Pag-unawa sa maaari pang magawa sa kung anong meron na ang inyong negosyo (leverage marketing)<br>• Matuto habang naglalaro<br>• Digital feedback loop para sa mga kustomer | • MTP<br>• Kaliwanagan at pagkapantay-pantay |

Maaari mong ilarawan sa ExO Canvas kung paano gumagamit ng mga ExO Attributes ang iyong organisasyon.

# Paano mo mapapakinabangan ang ExO

Isa sa mga pinakamahusay na paraan upang magsimula ay ang pagtukoy kung gaano ka- Eksponensyal ang iyong organisasyon sa kasalukuyan. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Exponential Quotient Survey. Mainam kung makakakuha ka ng marka na hindi bababa sa 65. Upang higit na maunawaan ang mga Katangiang ExO, maaari mong panoorin ang ExO Foundations Training o basahin ang aklat ng Exponential Organizations.




Kapag mayroon ka nang mahusay na pag-unawa, maaari mong gamitin ang ExO Canvas para ibalangkas ang paggamit ng iyong kumpanya ng mga Katangian (Attributes). Maaaring magsagawa ng ExO Sprint para himukin ang Eksponensyal na Pagbabago. Maaari mo ring makita kung paano mo magagamit ang komunidad ng OpenExO upang isagawa ang programang ito sa seksyong Paano Ka Namin Matutulungan sa ibaba, o maaari kang bumili ng workbook ng Exponential Transformation at ipatupad ito sa loob ng iyong kumpanya.

# Ano ang magagawa namin para sa iyo

I-scan ang QR code o sundan ang link na ito upang magsimula.

Lumikha kami ng isang pandaigdigang kapisanan ng mga coaches at consultants ng ExO, mga pinuno na may malalim na pagwawari sa teknolohiya at mga nakakagulat na pagbabago. Tumutulong ang aming disruptive doers sa mga organisasyon mula sa iba't ibang panig ng mundo tungo sa pagbabagong Eksponensyal. Mayroon kaming ng iba't ibang mga programa at oportunidad para sa mga organisasyon anuman ang sukat o laki. Maaari kang makipag-ugnayan sa amin dito, at hintayin ang aming tugon upang talakayin ang pagpapasimula ng inyong Eksponensyal na Pagbabago.

openexo